

Usapang pangkapayapaan, muling nabahura

NAGBANTA SI Presidente Duterte ng GRP na ipaaaresto niya ang mga susing konsultant ng NDFP oras na makalapag sila sa Pilipinas. Kasunod ito ng pagkankansela ng ikalima sa serye ng mga usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP na nakatakda sanang idaos noong Mayo 27-Hunyo 2.

Ayon kay Jesus Dureza ng GRP, hindi sila dumalo sa ikalima sa serye ng usapan dahil diumano sa panawagan ng PKP sa BHB na pag-ibayuhin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong Pilipinas bilang sagot sa batas militar na ipinataw ng rehimeng Duterte sa Mindanao.

Ngunit ayon kay Luis Jalandoni, *senior political adviser* ng NDFP panel, umatras ang GRP dahil hindi pumayag ang NDFP na unahin sa adyenda ang tigil-putukan. Sa ikaapat na pag-uusap pa lamang noong Abril ay ayaw na ng GRP na ituloy ang pag-uusap sa CASER (repermang sosyo-ekonomiko) nang hindi iniuuna ang pag-uusap hinggil sa tigil-putukan. Natuloy na lamang iyon matapos pumayag ang NDFP sa isang kasunduang magkakasundo sa tigil-putukan oras na maiayos ang mga kundisyon sa pagpapatupad nito.

Malinaw sa pahayag ni Dureza na isinasangkalan lamang nila ang panawagan sa BHB na maglunsad ng mas maraming taktikal na opensiba upang magamit na rason sa pag-atras sa usapan. Maliban dito, idinahilan rin ng GRP ang dati

"Usapan..." sundan sa pahina 3



EDITORIAL

Puspulang labanan ang batas militar sa Mindanao

Mariing binabatikos ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pagpapataw ni President Duterte ng GRP ng batas militar at pagsuspende sa *writ of habeas corpus* sa buong Mindanao. Wala itong makatwirang batayan. Ang sinasabi niyang rebelyon at terorismo ng tinaguriang Maute Group sa Marawi City ay hindi katanggap-tanggap na batayan para ipataw ang batas militar sa buong Mindanao.

Dapat batikusin ang deklarasyon ni Duterte dahil ibinibigay nito sa AFP at PNP ang buong layang abusuhin ang kanilang kapangyarihan laban sa bayan. Tahasan pang hinikayat ni Duterte ang mga pang-aabuso ng mga sundalo nang sinabi niyang siya ang mananagot para sa kanila.

Bago pa man ipataw ang batas militar, kaliwa't kanan na ang mga paglabag ng mga sundalo at pulis sa mga karapatang-tao at pagyurak sa kagalingan ng sambayanan sa ilalim ng todo-gerang idineklara ni Duterte-Lorenzana noong Pebrero laban

sa BHB. Sa pagpataw ng batas militar at pagsuspende ng *writ of habeas corpus* sa Mindanao, lalo pang naging walang lubay ang militar at pulis sa paggamit ng armadong kapangyarihan sa lalong nakapanghihilakbot na panunupil, karahasan, kabuktutan at korapsyon.

Tangan ang kapangyarihan ng batas militar, sinusupil ng AFP at PNP ang mga karapatang sibil-demokratiko sa pagtatayo ng kaliwa't kanang mga tsekpoynt, walang mandamyentong panghahalughog at pang-aaresto. Lahat ay pinaghihina-

laan at inoobligang patunayang sila'y inosente. Tuwiran silang nakikialam sa usaping paggawa sa pagitan ng mga kapitalista at manggagawa at ipinagtatanggol ang buktot na interes ng una. Inaangkin nila pati ang kapangyarihang busalan ang bibig ninuman alinsunod sa kanilang katwiran.

Nang ideklara ang batas militar, lalong naging mabangis ang mga operasyon ng AFP laban sa mamamayang itinuturing nilang sumusuporta sa armadong rebolusyon dahil aktibo silang nakikibaka para sa kanilang kapakanan. Sunud-sunod ang pambobomba, panganganyon at pagpapaulan ng bala sa Davao del Sur, Bukidnon, North Cotabato at Compostela Valley, gayong napakalayo ng mga ito sa sinasabing rebolusyon ng mga Maute. Mismong mga upisyal-militar ang nagsabing magpapatuloy ang pananalakay nila sa mga sibilyang komunidad na pinaghihinalaan nilang teritoryo ng BHB, "may *martial law* man o wala."

Anumang planong ipataw ang batas militar sa buong bansa ay dapat puspulang labanan. Buong ka-

pasyahang lalabanan ng sambayanan si Duterte kung pagtatangkaan niyang tuluyang iluklok ang sarili bilang diktador, buwagin ang mga institusyong sibil, tuluyang ipagkait ang mga pormal na karapatang sibil, at lantarang papaghariin ang pasismo at terorismo ng estado.

Sa pagsuporta ni Duterte sa todo-gera, pagpataw ng batas militar sa Mindanao at pagbigay ng ibayong kapangyarihan sa militar, maglalaho ang pag-aasta niyang Kaliwa, sosyalista at makamasa. Namemeligro si Duterte na lalong mapahiwalay sa mamamayang Pilipino. Sa Mindanao, dala ng mga sundalo at pulis ang pangalan ni Duterte sa kanilang pagsakop sa mga sibilyang komunidad, pangahalughog, pag-aresto, pananakot at panunupil sa mga manggagawa at magsasakang nakikibaka para sa kanilang kapakanan at mga karapatan. Sa pagsunod sa utos na "patagin ang mga bundok", itinatak ng AFP ang kanyang pangalan sa lahat ng inihuhulog na bombang nagdudulot ng malawak na pagkawasak sa kabuhayan at kapa-







ligiran at naghahatid ng labis na takot sa mamamayan.

Nilalason ng todo-gera ng AFP ang atmospera ng usapang pangkapatayan sa pagitan ng NDFP at GRP. Nalalagay sa alanganin ang usapan lalupa't iginigiit niya ang kundisyong magtigil-putok ang BHB bago ituloy ang pag-uusap at pakikipagkasundo tungkol sa mga sustantibong usaping sosyo-ekonomiko at pampulitika.

Lalong pinalalakas ni Duterte ang kapangyarihan ng militar. Lalong nabibigyan ng diin ang kanyang mga pagbabanta laban sa mga korte at iba pang ahensya ng guberno. Naging palamuti ang kongreso nang tumanggi itong ipailalim sa masusung pagsusuri ang deklarasyong batas militar ni Duterte. Sa ngalan ng "gera kontra-terorismo" na ikinakabit na rin niya sa "gera kontra-droga," ginagamit at iwinawasiwas ni Duterte ang kapangyarihang militar sa buong Mindanao.

Sa ilalim nito, inilulunsad ng AFP ang lagpas nang kalahating buwang todo-gera na nagdulot ng malawakang pagwasak sa Marawi City at nagresulta sa ibayong pagkasalanta sa buhay at kabuhayan ng mahigit 200,000 mamamayan. Sa kabila ng kanilang mga daing, walang pakundangan ang isinasagawang pambobomba ng mga helikopter at eroplanong pandigma ng AFP sa mga bahay, mga gusali, kalsada at iba pang mga imprastrukturang sibil. Halos lahat ng residente ay lumikas. Tulad ng ginawang pagwasak sa malawak na lugar sa Zamboanga City noong 2013, ang pagwasak sa Marawi City ay inaasahang magbibigay-daan sa malalaking proyektong pang-imprastruktura. Hindi pa man naglalaho ang alingawngaw ng mga bomba, naglalaway at umaaligid na ang malalaking burgesyang kumprador.

Ang nagsimulang opensiba ng rehimeng Duterte laban sa Maute Group ngayo'y nag-uudyok sa galit ng mga lider Moro dahil sa walang pakundangang pagyurak sa buhay ng mamamayan sa Marawi. Halos

	
Tomo XLVIII Blg. 11 Hunyo 7, 2017	
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.	
Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.	
	instagram.com/prwc.info
	youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral
	@prwc_info
	fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral
	cppinformationbureau@gmail.com
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas	
<h2>Nilalaman</h2>	
Editoryal: Puspulang labanan ang batas militar sa Mindanao	1
Usapang pangkapatayan	1
Gera sa Marawi	4
Negosyo sa sakuna	5
Protesta laban sa batas militar	6
Mga paglabag sa karapatang-tao	7
Welga sa Shin Sun, binuwag	9
Bungkalan sa Timog Katagalugan	9
Mga pagbanta ng batas militar	10
Suporta ng Russia sa batas militar	11
Reporma sa buwis	12
Mga opensiba ng BHB-NCMR	12
Komersyalisadong edukasyon	14
Ika-8 kongreso ng CNL	15

lahat (98%) ng mga residente sa syudad ay Moro. Kung magpapatuloy ang todong pagwasak sa Marawi, hindi magtatagal, ang gerang inilunsad para sa "pagsupil sa terorismo," ay ituturing ng mamamayang Moro na gera laban sa kanila.

Sa pagpapataw ng batas militar at hindi paglutas sa saligang usapin ng pagpapasya-sa-sarili, mabibigo ang rehimeng Duterte na lutasin ang paglitaw ng iba't ibang armadong grupong Moro na may iba't ibang kapasyahan. Sa kaysaysayan, may mga grupong rebolusyonaryo, progresibo at anti-imperyalista at malinaw na nagsusulong ng interes ng Bangsamoro. Pero mayroon ding kumikiling sa gera sa batayan ng relihiyon o nauwi sa pagiging kriminal na bandido. Kung hindi reredahan ni Duterte ang gera at pambobomba ng AFP, sa halip na masupil ang mga armadong grupong bandido, ang labis na malupit at brutal na gera ng AFP ay magtutulak sa mas marami pang Moro na mag-armas at makipagdigma.

Kaisa ng buong sambayang Pilipino at Moro ang Partido sa paninindigan para kaagad na wakasan ang batas militar na ipinataw ni Duterte sa Mindanao at ibalik ang karapatan sa *writ of habeas corpus*. Dapat magkaisa rin ang mamamayang Pilipino at Moro laban sa lahat ng anyo ng teroristang pag-atake sa mga sibilyan. Habang dapat nilang kundenahin ang mga armadong grupong ginagawang target o sadyang dinadamay ang mga sibilyan, dapat ring malakas na kundenahin ang terorismo ng tuluy-tuloy na gerang pangwasasak ng AFP laban sa Marawi City. AB

nang pagbwelo ng mga opensiba bago pa magbatas militar, ang mga kwestyon daw ng publiko sa sinseridad ng NDFP sa usapan, ang ginawang paglilinaw ng panel na hindi sila ang nagmamando sa BHB, at ang pagkiling ng gubyrerno sa lokalisadong mga usapang pangkapayapaan.

Matagal nang inililinaw ng PKP ang paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan, na ito ay makakamit lamang kung reresolbahin ang mga usaping nasa ugat ng armadong tunggalian. Habang nakikipagdigmaan, handa ang NDFP na makipag-usapang pangkapayapaan para makakuha ng kongkretong mga benepisyo para sa mamamayan.

Sa nagdaang mahigit 20 taon, naging maganit, pasikut-sikot at mabagal ang pag-abante ng usapang pangkapayapang NDFP-GRP. Iisa pa lamang sa apat na sustantibong adyenda ang natapos at napirmahan, ang CARHRIHL noong 1998. Hindi na makabuluhang umuusad ang usapan dahil interesado lamang ang sunud-sunod na rehimen sa pasipikasyon at pagsuko ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Sa muling pagsisimula ng usapan noong nakaraang taon, nakipagkasundo ang NDFP sa tumbasang unilateral na tigil-putukan, habang may pangako ang GRP na palalayain ang lahat ng mga bilanggong pulitikal. Tumagal nang halos anim na buwan ang tigil-putok ng NDFP, pinakamatagal nang isinagawa ng BHB.

Napilitan ang PKP na tapusin ito noong Pebrero 1 matapos bigong tuparin ng GRP ang pangakong palalayain ang lahat ng bilanggong pulitikal at matapos na gamitin ng AFP ang tigil-putok para ipakat ang pwersa nito sa loob ng mga sona at baseng gerilya ng BHB. Tinugon ito ng GRP ng pagdeklara ni Defense Sec. Lorenzana ng todo-gera noong Pebrero 7.

Inasahang mapabibilis ang pagkamit ng mas malaman na mga kasunduan sa kasalukuyang serye ng mga usapan na nagsimula noong Agosto

2016 dahil wari'y mas bukas ang gubyrernong Duterte sa rebolusyonaryong kilusan at mayroon itong mga kontra-US na pahayag.

Matapos ang serye ng mga impormal na usapan, natuloy ang ika-apat sa serye ng pag-uusap noong Abril 2-6. Muntik itong hindi matuloy matapos makialam sina Lorenzana at mga kasabwat niya sa AFP na iginigiit na dapat munang pumirma ang NDFP sa "bilateral ceasefire" bago ituloy ang pag-uusap.

Pagsuspende sa JASIG

Ang bantang ipaaaresto ang mga konsultant ng NDFP ay dalawang beses nang ginawa ni Duterte. Ang una ay noong Pebrero matapos iutos ang todo-gera. Ang ikalawa ay nitong Mayo 31. Ang bantang ito ni Duterte ay pagsasaisantabi niya sa JASIG, ang kasunduang nagtitiyak na magiging ligtas sa pang-aaresto ang mga kalahok sa negosasyong pangkapayapaan habang umaandar ang usapang pangkapayapaan at 30 araw matapos itong tuwirang maputol.

Gayunman, kahit umaandar ang usapang pangkapayapaan, ilang beses nang nilabag ng gubyrernong Duterte ang JASIG nang arestuhin nito sina Ariel Arbitrario, Promencio Cortez, Ferdinand Castillo, at Rommel Salinas, at isinailalim sa surbeylans at harassment ang iba pa.

Hindi rin ginagalang ng gubyrerno ang CARHRIHL sa patuloy na pagkulong sa mga bilanggong pulitikal, mga ekstrahudisyal na pamamaslang, iligal na pang-aaresto, pambobomba, panganganyon at marami pang pandarahas sa mamamayan dulot ng mga operasyong militar sa kanayunan at kalunsuran.

Sa kabila ng mga pag-urong ng GRP, ipinakita ng NDFP ang determinasyon nito sa usapang pangkapayapaan sa pag-alok kay Duterte noong Hunyo 2 ng tumbasang unilateral na tigil-putukan para matuloy lamang ang usapang pangkapayapaan. Ngunit tinanggihan ito ni Duterte at iginiit na dapat pumaloo ang NDFP sa bilateral na tigil-putukan. AB

Gera sa Marawi, malawakang pagwasak at malaking pinsala sa mamamayan

Matinding pagkawasak sa buhay at kabuhatan ng mamamayan ng Marawi City ang idinudulot ng gerang iniutos ni Pres. Rodrigo Duterte laban sa tinaguriang Maute Group.

Ang gerang inilulunsad ng AFP-PNP sa Marawi ay kasunod ng pag-pataw ni Duterte ng batas militar sa buong Mindanao noong Mayo 23 dahil diumano sa tangkang pagsakop ng nasabing grupo sa syudad. Nang ipataw niya ang batas militar, nasa Russia si Duterte kung saan kabilang sa kanyang mga pakay ang paghingi ng mga modernong armas para labanan ang mga grupong nakaugnay daw sa Islamic State of Iraq and Syria (ISIS). Ang pag-uugnay ng Maute Group sa ISIS ay paulit-ulit niyang ginawa sa kabila ng dating pagtanggap ng militar at pulis sa ga-noong impormasyon.

Nagtambak ang rehimeng Duterte ng aabot sa 4,000 armadong tropa bilang pantapat sa Maute Group, na sa araw-araw ay nag-iiba ang bilang (sa simula ay 20, naging 50, 100 at nitong huli ay 250-500 na, ayon sa AFP). Isinabak ng AFP at PNP ang mga tropa mula sa 1st ID ng Philippine Army, Philippine Marines, Philippine Air Force at Special Action Force ng Philippine National Police. Maliban sa mga *armored personnel carrier*, gamit ng mga ito ang mahigit 30 helikopter at eroplano na nagsasagawa ng walang tigil na pambobomba sa syudad.

Ngunit higit sa anumang pinsala laban sa Maute Group, ang mga sibilyan, ang kanilang mga ari-arian at imprastrukturang sibil ang nadudurog dulot ng mga bomba. Iniulat ng AFP noong Hunyo 2 na umaabot na umano sa 188, kabilang ang 30 sibilyan, ang namamatay sa pananalakay. Pinalalabas na 120 sa mga namatay ay mga myembro ng Maute Group, bagaman laganap ang duda na marami sa mga ito ay sibilyan.

Araw-araw mula nang ideklara ang batas militar sa Mindanao ay



nagsasagawa ang AFP ng mga pambobomba kada dalawang oras. Nagmamatigas ang AFP na matagumpay umano ang kanilang mga "surgical strikes" (presisong mga bira) at walang nadadamay na mga sibilyan. Sa harap nito'y kabi-kabila ang pahayag ng mga residente na sila, ang kanilang mga bahay at mga sibilyang istruktura ang tinatamaan at winawasak ng mga bomba mula sa AFP. Maging ang pamahalaan ng syudad at ang Marawi Crisis Committee ay nanawagan sa pagtigil ng mga pambobomba sa unang mga araw pa lamang ng panggegera. Nagbitiw din si Samira Gutoc-Tomawis, myembro ng Bangsamoro Transition Commission, dahil sa mga pagbomba at idineklarang batas militar. Sinuspinde lamang ang pambobomba nang mapatay noong Hunyo 1 sa sarili nilang bomba ang sampung sundalo, at nasugatan ang pitong iba pa.

Samantala, wala ring pakundangan sa kaligtasan ng mga sibilyan ang mga tropa ng AFP sa kalupaan. Nanganganib ang mga sibilyan sa AFP at PNP na sumusuyod sa mga kalsada at kabahayan ng syudad. Ang mga naipit sa labanan ay inaakusahang myembro ng Maute Group at pinagmamalupitan. Laganap din ang mga bahay at istrukturang sibilyan na tadtad ng bala, sinunog, o di kaya'y nawasak. Mayroon ding mga patunay mula sa mga residente at upisyal ng lokal na pa-

mahaan ng pangungulimat ng mga sundalo sa naiwang mga yaman at gamit ng mga taga-Marawi.

Apektado ng gera ang buong populasyon ng Marawi na mahigit 200,000. Ang naturang syudad ang isa sa pinakamalaking syudad na mayorya ay Moro at itinuturing na sentro ng relihiyong Islam sa Mindanao. Mahigit 90% ng populasyon ang lumikas, habang nanganganib ang buhay ng mga naiwan. Marami sa mga nagsilikas ay iilan lamang na kagamitan ang nadala. Nahaharap sa matinding kasalatan sa pagkain at tubig na maiinom sa mga sentro ng ebakwasyon, liban pa sa mga pangangailangang medikal at maa-yos na tirahan. Pinagbabawalan din ng AFP ang mga grupong sibiko na mamahagi ng mga *relief goods*, at iginigiit na ang mga sundalo ang mamigay ng mga ito.

Noong Hunyo 2, umaabot na sa 700 ang nagkakasakit na mga bakwit. Pinakabulnerable sa mga biktima ng gera ang mga maysakit, nakatatanda at tinatayang may 55,000 mga bata. Apektado ang pag-aaral ng 20,000 estudyante na wala nang mapapasukan dahil sa pambobomba sa Marawi. Ayon sa mga upisyal ng prubinsya ng Lanao del Sur, kahit noong panahon ng dekada 1970, hindi pa nangyari ang ganito kalubhang paglikas ng mga taga-Marawi.

Samantala, ang libu-libong nagsilikas ay nabubuslo naman sa

mga itinayong tsekpoynat na humahadlang sa malayang pagkilos ng mga residenteng tumatakas sa panganib. Dito'y ipinapailalim ang mga taga-Marawi, na mahigit 98% Moro, sa mahigpit na pagrerekisa dahil sa suspetsang myembro sila ng Maute Group. Yaon ding mga nasa sentro ng ebakwasyon na, at maging mga ordinaryong sibilyan, ay dumaranas ng diskriminasyon dahil lamang sa pagiging Moro.

Ayon sa grupong Suara Bangsamoro, ang pagresolba sa paglaban ng mamamayan sa Mindanao ay nakaugnay sa usapin ng lupaing ninuno ng mamamayang

Moro at Lumad, at ang mahabang panahon ng pang-aapi sa kanila. Dapat din umanong kundenahin ang pagpapairal ng Islamophobia na naglalarawan sa Islam bilang marahas na relihiyon. Sa halip, dapat na ituon ang pansin sa pinsalang idinudulot ng gera sa mamamayang Moro.

Gayundin, magagawang resolbahin ng mamamayang Moro ang mga tunggalian sa kanilang hanay. Hindi uusad ang pakikipagnegosasyon sa mga lider at tauhan ng Maute Group kung magpapatuloy ang AFP at PNP sa mga operasyong militar at pambobomba nito. AB

Negosyo sa sakuna

TULAD NG nangyari sa Zamboanga City noong 2013, malalaking kapitalista at burukrata-kapitalista rin ang makikinabang sa pinsalang idinulot ng AFP sa syudad at kabuhayan ng mamamayan ng Marawi City.

Matatandaang winasak ng tatlong linggong pananalakay, pambobomba at pamamaril ang anim na barangay ng Zamboanga City noong Setyembre 2013 nang salakayin ng mga tropa ng AFP ang mga myembro ng Moro National Liberation Front na noo'y nagsasagawa ng protesta sa lugar. Kabilang sa mga nawasak ang mahigit 10,000 bahay at mga istruktura. Dahil dito, napalayas ang mahigit 120,000 mamamayan, karamihan mula sa tribong Tausug. Matapos nito, pinagbawalan silang bumalik sa kanilang mga tirahan at sa halip ay itinapon sa malalayong relokasyon nang walang kabuhayan. Noong Setyembre 2016, tatlong taon paglipas, mahigit 13,000 bakwit ang nakatira pa rin sa mga sentro ng ebakwasyon. Matapos ang labanan, pinondohan ng nakaraang rehimeng Aquino ng P3.5 bilyon ang umano'y rehabilitasyon ng nasalantang mga komunidad.

Maliban sa napakabagal na pag-usad ng mga proyektong rehabilitasyon, batbat din sa katiwalian ang programa.

Halimbawa, sa 25 proyektong pabahay para magtayo ng pansamantala at permanenteng mga tirahan, siyam na kontraktor lamang ang ginawaran ng mga kontrata. Pinakamalaking halaga (P473 milyon para sa apat na proyekto) ang napunta sa kumpanya sa konstruksyon ni Vicente Lao, ang tagapangulo ng Minda-

nao Business Council. Samantala, ang Billrey Construction ay ginawaran naman ng anim na kontrata na nagkakahalaga ng P212 milyon.

Liban dito, malaking tipak ng badyet ang inilaan para sa pagtatayo ng base ng Philippine Navy sa baybayin ng Zamboanga City. Nagkakahalaga ang proyekto ng P143.7 milyon. Gayundin, P202 milyon ang ibinigay na pondo para sa rehabilitasyon ng Joaquin Enriquez Memorial sports complex na siyang ginamit ng mga nagsilikas.

Kabilang sa pinakinabangan ng mga naturang ahensya't kanilang mga kontraktor ay ang ipinautang ng Kingdom of Saudi Arabia na \$5 milyon (P223.89 milyon). Itinakda ng pautang na ito ang pagtatayo ng moske, madrasa (paaralan ng Islam) at sistema ng patubig.

Sa Marawi City, habang tuluytuloy ang ginagawang pagwasak ng AFP sa syudad, pinagpaplanuhan na rin ng malalaking burgesya kumpador at dayuhang mga kapitalista ang pagtatayo ng mga imprastruktura para magkamal ng ganansya sa isasagawang rehabilitasyon. Sini-mulan nang tasahin ng mga dayuhang kumpanya ang kalupaan at *real estate* sa syudad. Kabilang ang San Miguel Corporation sa nagbabalak mamuhunan dito. Naghain na rin si Cong. Bong Belaro ng panukala sa Kongreso na maglaan ng P30 bilyon.

Samantala, impluwensyado ng World Bank ang pagbalangkas ng plano sa rehabilitasyon. Ayon sa mga opisyal ng ARMM, palalahukin ang mga tauhan ng World Bank sa pagbubuo ng plano para sa isasagawang proyekto sa Marawi City. Tiyak na sasamantalain nito ang ganap na pagkawasak ng syudad upang itulak ang mga patakarang pabor sa kanila. Dahil sa mahigpit na pangangailangan ng mamamayan ng Marawi para sa ayuda, magagawa ng World Bank na magpataw ng mga kundisyon sa pautang na sa malao'y higit na nakapipinsala sa mamamayang dumanas ng sakuna.

Batbat ng tunggalian ng iba't ibang pwersa ang Marawi at buong Lanao del Sur sa usapin ng pagkontrol sa mayamang rekurso. Isa sa mga proyekto ng rehimen ang ekspansyon ng mga plantasyon sa kalakhan ng Mindanao, kabilang sa Lanao del Sur. Sa ngayon, may mga plan-tasyon dito ng kasaba, saging, *palm oil* at pinya. Isa rin sa naging kontrobersyal na usapin sa naging kasunduan ng GRP sa MILF (kung saan dating kasapi ang grupong Maute) ang gamit at pakinabang sa Lanao Lake. Ang lawa na ito ang pinakamalaking lawa sa Mindanao at pinagkukunan ng mga *hydro-electric plant* sa Iligan City na siya namang nagsusuplay ng 70% pangangailangang elektrisidad sa buong isla. Sa pakikipagkasundo ng MILF sa GRP, hinayaan nitong magiging parte pa rin ng gubernong nakabase sa Maynila ang mga rekurso nito. AB

Batas militar, tinutulan ng mamamayan

Iba't ibang grupo ang agad na nagsagawa ng mga kilos-protesta laban sa pagdeklara ni Duterte ng batas militar sa Mindanao noong Mayo 23.

Noong Mayo 24, nagsindi ng kandila sa Plaza Miranda ang mga aktibista ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Nagsindi rin ng kandila ang Anakbayan, League of Filipino Students (LFS) at Kabataan Partylist (KPL) sa Mendiola. Kasabay ito ng katulad na aktibidad na pinamunuan ng Bayan-Bicol sa Barangay Lapu-Lapu, Legazpi City, at sa Plaza Quezon, Naga City.

Nagprotesta rin sa araw na ito ang mga organisasyon ng kabataan sa Daraga, Albay, at naglunsad ng misa-protesta ang mga tagasuporta sa karapatang-tao sa Redemptorist Church, Legazpi City.

Nagpiket naman ang grupong Suara Bangsamoro at mga aktibistang Lumad sa harap ng Camp Aguinaldo sa Quezon City noong Mayo 25 at nanawagan kay Duterte na itigil ang opensibang operasyon ng militar at paalisin ang mga tropa nito sa Marawi City.

Sabayang nagsindi ng mga kandila ang Bayan-Mindoro noong Mayo 25, sa mga bayan ng Abra de Ilog, Calintaan at San Jose sa probinsya ng Occidental Mindoro, pati sa mga bayan ng Roxas at Calapan City. Kasabay din nito ang kilos protesta ng mahigit 500 aktibista ng Bayan-ST sa Cabuyao, Laguna. May mga rali sa UP-Los Baños, Bacoor Public Market sa Cavite, Southern Luzon State University sa Lucban, at sa Antipolo City. Sa Bicol, nagrali sa Pinaglabanan Shrine sa Legazpi City.

Sinundan ito ng Black Friday Protest noong Mayo 26 na nilahukan ng iba't-ibang organisasyon sa ilalim ng Bayan at Karapatan, na nagrali sa Plaza Miranda. Nakiisa sa protesta ang Selda, Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), Alliance of Concerned Teachers, National Union of Peoples' Lawyers, at mga dating biktima ng batas militar ni Marcos. Naglunsad

naman ng rali sa Mendiola ang kabataan sa ilalim ng LFS, Anakbayan at KPL. Kasabay nito ang protesta ng Cordillera People's Alliance sa Baguio City at ng mga balangay ng Bayan sa iba't ibang rehiyon kabilang na ang Bacolod City, Tacloban City at Iloilo City.

Sinuportahan Mindanao bishop na si Cardinal Orlando Quevedo ng Cotabato ang mga pagkilos sa pahayag niyang "kukundenhin namin ang anumang abuso ng batas militar tulad ng sa nakaraan at tuwirang kukundenahin ito kung patungo sa kasamaan." Gayundin, nagpahayag ng pakikiisa at pakikiramay sa mamamayan ng Marawi at Mindanao, ang mga progresibong partido at kanilang mga kinatawan.

Noong Mayo 30, nagpiket sa labas ng kongreso ang mga aktibista at lider ng Mindanao sa pamumuno ng Suara Bangsamoro at Kalinaw-Mindanao.

Limampung progresibong Muslim at Kristiyano ang nagkaisa noong Mayo 31 sa Maynila sa ilalim ng Pilgrims for Peace, Moro-Christian People's Alliance (MCPA) at National Council of Churches in the Philippines. Nagsagawa sila ng "Break the Fast at Sundown" bilang simbolo ng pagkakaisa ng mga relihiyon sa pakikiramay sa nangyayaring karahasan sa Marawi City sa panahon ng Ramadan.

Noong Hunyo 1, nagrali ang National Federation of Sugar Workers (NFSW) sa Bacolod City.

Sa ibayong dagat, kinundena rin ng Bayan-USA at Gabriela-USA ang deklarasyon ng batas militar. Ayon kay Irma Shauf-Bajar ng Gabriela-USA, "sa dumaraming operasyong militar, ang mga babae at mga bata ay magiging mas lalong vulnerable sa panggahasa, harassment at iba pang sekswal na pang-aabuso."

Isinagawa naman ang ikalawang "Black Friday protest" noong



Hunyo 2 nang magmartsa ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa Quezon City.

Samantala, tuluy-tuloy ang mga pagkilos ng mga manggagawa at magsasaka sa iba't ibang bahagi ng bansa para sa kanilang mga karapatan at kagalingan.

Noong Mayo 21, itinayo ng 600 manggagawa ng Coca-Cola sa Cavite ang piketlayn laban sa malawakang tanggalan ng mga manggagawa sa kumpanya.

Sa araw ding iyon, nasa 300 pamilya galing sa mga apektadong komunidad ng tribong Dallac sa Barangay Lucog at ang mamamayan sa kahabaan ng Chico River ay nagsagawa ng karaban mula sa mga barangay ng Dagupan, Bulinao, Makanyaw at nagprograma sa Banat, Bagumbayan, Tabuk City upang tutulan ang proyektong Karayan Dam ng San Lorenzo Ruiz Builders and Developers Group.

Noong Mayo 22, mahigit isanlibong opereytor, drayber at konduktor ng dyip sa ilalim ng grupong Piston ang nagkaraban mula Elliptical Road hanggang sa upisina ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board sa East Avenue at nagpiket sa tanggapan ng Department of Transportation sa Mandaluyong City. Muli silang nagprotesta laban sa programang "jeepney phaseout." Sinabayan ang kanilang protesta ng mga pagkilos sa Sorsogon at Cebu. Naparalisa ng welga ng transportasyon ang Iloilo, Antique at Bacolod City. AB

Batas militar at paglabag sa karapatang-tao

Kasabay ng walang puknat na pang-aatake ng AFP sa Marawi City, tumindi rin ang pambobomba, panganganyon at militarisasyon ng mga sibilyang komunidad na pinaniniwalaan ng AFP na kinikilusan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), habang walang patid ang pamamaslang ng mga aktibista at lumalabang mamamayan.

Taliwas ito sa pahayag ni Sec. Delfin Lorenzana ng Department of National Defense na “hindi target ang BHB ng batas militar.” Mismong mga upisyal-militar ng AFP ang nagsabing magpapatuloy ang kanilang mga operasyon laban sa rebolusyonaryong kilusan, “may *martial law* man o wala.”

Mula Mayo 24 hanggang Hunyo 3, umaabot sa 311 na sibilyan ang inaresto, apat ang pinaslang at siyam na komunidad ang binomba habang libu-libo ang naitulak na lumikas dahil sa militarisasyon.

Sa ilalim ng todo-gera ng AFP, ang Mindanao na ang may pinakamataas na rekord ng mga paglabag sa karapatang-tao. Higit pa itong pinalala ng batas militar ni Duterte.

Malawakang pang-aaresto at pandarahas

Inilunsad noong Mayo 25 ng Task Force Davao at Philippine National Police sa pangunguna ng hepe ng pulis ng Davao City na si Sr. Supt. Alexander Tagum, ang Oplan Bulabog sa Brgy. 23-C at 76-A, kung saan inaresto ang 260 sibilyan dahil lamang hindi sila makapagpakita ng sapat na dokumentong magpapatunay ng kanilang pagkakakilanlan. Dinala sila sa Davao City Police Office para ipailalim sa “beripikasyon.” Karamihan sa mga dinakip ay mga Moro.

Sa parehong araw, 30 kababaihang Lumad, Moro at taong-simbahan ang iligal na inaresto at isinailalim sa mahigit isang oras na interogasyon ng mga tropa ng Marine Battalion Landing Team 6 sa Brgy. Domulon, Sultan Kudarat. Ang grupo ay dumalo sa “Leadership Development and Capacity Building for Gender and Ecological Justice” ng

Ecumenical Women’s Forum. Pinilit ang grupo na magpakita ng ID at hinanapan ng ‘permit to travel’. Pinagbawalan din silang kumuha ng litrato sa panahon ng interogasyon, habang isang sundalo ang kumukuha ng kanilang larawan.

Kasabay nito, naglabas ang lokal na guberno ng Davao City ng 30-puntong alituntunin na sumisiil sa kalayaang sibil ng mamamayan. Nagbanta rin ang Police Regional Office XI na kanilang aarestuhin ang mga lider ng mga grupo na maglulunsad ng protesta laban sa guberno.

Nagbanta rin ang AFP na gagamitin ang kanilang ‘right to censure (censor)’ o pagsupil sa karapatang magpahayag sa panahon ng batas militar sa Mindanao. Sasakupin nito maging ang *social media*. Anang tagapagsalita ng AFP na si BGen. Restituto Padilla, ang hakbang na ito ay para diumano maiwasan ang pagkalat ng mali o pekeng balita at upang tiyakin ang seguridad ng bansa. Nagbanta rin ito na maaaring dakpin ang sinumang maglalaragay ng impormasyong hindi makatutulong sa nagaganap na kaguluhahan sa Marawi.

Dalawang kasapi naman ng Unyon sa mga Mag-uuma nga Naligbisog (UMANA) at residente ng Brgy. Poblacion, Maragusan, Compostela Valley ang dinakip ng 66th IB noong Mayo 27. Kinilala ang mga ito na sina Nestor Quintano, 51 at Remon Rodela, 25. Inakusahan ng AFP ang dalawa na mga kasapi ng BHB na mariin namang itinanggi ng kanilang pamilya. Dinala ang mga ito sa kampo ng 66th IB bago isurender sa istasyon ng pulis sa Maragusan. Hindi pinayagan ang kanyang mga pamilya na dumalaw

sa kanila.

Inaresto naman ng 60th IB at grupong paramilitar na Bagani noong Mayo 29 ang mag-asawang Kidjol Marcelo Antay Sr. at Noeme Antay, sa kabilang barangay ng Andap. Kasabay nito, inaresto rin ng parehong yunit ang mag-asawang Otik at Maricho Catalino sa Brgy. Malinao, Laak, Compostela Valley. Aktibong kasapi ang mga ito ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Laak (NAMULAK). Ayon sa mga saksi, dinala ang apat sa kampo ng 60th IB sa Doña Andrea Asuncion, Davao del Norte.

Inaresto rin si Cesario de Rosa, kasapi ng Kahugpong sa mga Mag-uuma sa Maco (KAMAQ) noong Mayo 31 ng mga elemento ng 46th IB sa Compostela Valley.

Ilang araw bago ideklara ang batas militar sa Mindanao, noong Mayo 21, umalma rin ang mga magsasaka ng MARBAI dahil sa patuloy na pandarahas ng mga pribadong gwardya ng Lapanday Foods Corporation. Matatanaw rin sa malapit ang mga sasakyan ng AFP. Nagpahayag ang mga benepisyaryo ng pangamba na maaari silang muling mapalayas sa kanilang lupa.

Kinundena naman ng Anakpawis ang pagdemolis sa bahay ni Charlito Cantalan noong Mayo 30 sa Barangay Mapalacsiao, Hacienda Luisita ng grupo ng mga magtutubo na nasa ilalim ng pamilyang Cojuangco-Aquino.

Sa buong linggo mula nang ideklara ang batas militar, nagtayo ng tsekpoynt sa mga mayor na syudad ng Mindanao, at maging sa Tacloban City. Nagdeklara naman ang mga yunit ng AFP sa ilang bahagi ng Visayas, Luzon at mga syudad sa Metro Manila ng *red alert status*. Nagbabala rin si Pangulong Duterte na maaaring isuspinde ang *writ of habeas corpus* hanggang sa Visayas.

Pambobomba

Naglunsad noong Mayo 25 ng serye ng pambobomba at pamamaril sa mga komunidad ng Moro sa mga sityo ng Pedtobawan, Campo, Apul-an at Centro Salat sa Barangay Salat at Sityo Libpas sa Barangay Trael, President Roxas, North Cotabato, mula alas-5:30 ng umaga hanggang alas-10 ng gabi. Hindi bababa sa 240 tropa ng 39th at 72nd IB ang nag-operasyon. Binomba rin ang mga barangay ng Tangkulan at Anggaan sa Damulog, Bukidnon. Ipinwesto ang ginamit na 105mm *howitzer* na kanyon sa Barangay Kisuwaan, President Roxas, North Cotabato.

Ayon sa mga residente, anim na bomba ang inihulog ng mga militar mula alas-5:30 ng umaga sa Brgy. Salat. Pinaputukan din ng militar ang mga kabahayan mula sa kanilang MG520 na helikopter at anim na beses na kinanyon ang komunidad. Alas-3 ng hapon, muling naghulog ang AFP ng apat na bomba at nanganyon ng anim na beses. Naulit ang pambobomba pagsapit ng alas-7 ng gabi na nagresulta sa pagkamatay ni Abdullah Mamansag, 34, isang magsasakang Maguindanaoan, habang sugatan naman sina Norhamin Dataya, Cocoy Dataya, Alex Dataya, Nasordin Maman at Nor Taligapin. Ang mga sugatan ay inaresto ng PNP President Roxas matapos dalhin sa ospital. Kasalukuyang nakakulong si Taligapin sa istasyon ng pulis sa President Roxas habang si Dataya ay nasa Municipal Social Welfare and Development. Ang dalawa ay sinampahan ng gawa-gawang kaso, tulad ng *illegal possession of explosives at direct assault*. Pinailalim na rin sila sa *inquest* noong Mayo 28.

Kasabay nito, nagpaulan ng bala ang 39th IB sa mga kabahayan sa magkakalapit na mga barangay ng Trael, Tangkulan at Anggaan gamit ang kanilang mga kalibre .50 masingan.

Ang walang patlang na pambobomba at istraping sa mga barangay na ito ang nagtulak sa mahigit 2,000 mamamayan na magbakwit. Pinipigilan at dinarahas ng mga militar ang anumang organisasyon na maghatid ng tulong sa kanila.

Sa ulat ng Karapatan-Southern Mindanao Region, dalawang araw matapos ang pambobomba at istraping, sinunog ng mga tropa ng AFP ang may mahigit 30 kabahayan sa Brgy. Salat at sa mga barangay ng Tangkulan at Anggaan.

Nagkaroon din ng serye ng pambobomba noong Mayo 31 sa bayan ng Sirawai, Zamboanga del Norte at sa Kiblawan, Davao del Sur noong Mayo 29.

Mahigit 150 pamilyang B'laan naman o 1,000 indibidwal ang nagbakwit sa *barangay hall* ng Brgy. Colon Sabac, Matanao, Davao del Sur noong Mayo 30 dahil sa matinding operasyon ng 39th IB sa kanilang komunidad.

Pamamaslang sa mga aktibista

Sa Matanao, Davao del Sur, binaril ng limang nakamotorsiklong kalalakihan si Daniel Lasid, 58, myembro ng Akma Aksasatu Matanao noong Mayo 26. Kinilala ng mga saksi ang mga suspek na mga elemento ng 73rd IB.

Sa sumunod na araw, binaril sa

loob ng kanyang bahay si Ana Marie Digaynon-Aumada, sa Brgy. Lucod, Banganga, Davao Oriental. Dalawang araw bago nito, pinatawag ni Lt. Col. Jake Obligado ng 67th IB si Digaynon-Aumada para diumano "linisin" ang kanyang pangalan. Bahagi siya ng tribung Mandaya at aktibong myembro ng Alyansa sa mga Mag-uuma sa Sidlakang Davao (ALMASID).

Binaril naman ng mga elemento ng 46th IB si Jessie Cabeza, kasapi ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Mabini sa harap ng kanyang bahay noong Mayo 31.

Noong Hunyo 3, alas-5 ng hapon, binaril ng di-kilalang lalaki si Lito Casalla, 52, sa Balayan, Batangas. Kabilang si Casalla sa mga magsasakang naninindigan upang mabawi ang kanilang lupa mula sa Asturias Chemical Industry na pag-aari ni Ramon Ang.

Mula nang ideklara ng AFP ang todong-gera laban sa rebolusyonaryong kilusan noong Pebrero, umaabot na sa 40 magsasaka, katutubo, Moro at manggagawa ang biktima ng pampulitikang pamamaslang. Libu-libo rin ang sapilitang lumikas dulot ng serye ng mga pambobomba ng militar sa kanilang mga komunidad habang dumarami ang biktima ng pananakot at pandarahas. AB



Batas Militar at "all-out war" ni Duterte:

Mayo 24-Hunyo 5

3000+
nagbakwit

311
iligal na inaresto

9
binombang komunidad

6
aktibista ang pinaslang

30
kabahayan ang sinunog

*liban sa Marawi

Welga ng mga manggagawa ng Shin Sun, binuwag ng mga sundalo at pulis

MARIING KINUNDENA ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang marahas na pagbuwag sa piketlayn ng mga manggagawa sa Shin Sun Tropical Fruit Corporation at pag-aresto sa 14 na kasapi at tagasuporta ng Shin Sun Workers Union noong Hunyo 2 ng pinagsamang pwersa ng Philippine National Police (PNP) at Armed Forces of the Philippines (AFP).

Kasama ng mga sundalo at pulis ang mga bayarang eskirol na nagsaboy ng kemikal na pormalin sa mga nakawelgang manggagawa. Pinamunuan sila ni Sheriff Medialdea ng Regional Trial Court.

Kabilang sa mga dinakip si Vicente Barrios, dating panrehiyong tagapangulo ng KMU-SMR at pangulo ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farm (SUMIFRU Packing Plant 232), Pio Salar, pangulo ng Fresmax Workers Union at Eric Noble, ikalawang tagapangulo ng Shin Sun Workers Union. Kasalukuyan silang nakakulong sa Compostela Police Station. Wala pang naisasampang kaso laban sa kanila. Kinaladkad at sinaktan ng mga pulis si Carmelita Atamosa, 67, kamag-anak ng isa sa mga manggagawa.

Ilang araw bago binuwag ang piket, wala nang puknat ang pananakot at pandarahas ng mga sundalo ng 66th IB sa mga nagwewelgang manggagawa.


Noong Mayo 23, isang myembro ng unyon ang nakatanggap ng *text* na nagbabanta na papatayin ang mga upisyal ng unyon at organisador ng KMU kung hindi ititigil ang welga. Kinabukasan, dalawang hindi nagpakilalang lalaki ang pumwesto nang 15 minuto sa harap ng bahay ni Roland Cobrado, isa sa mga lider ng unyon.

Noong Mayo 25, alas-5:40 ng umaga, pinasok ng mga elemento ng 66th IB ang kumpuhan ng mga nagwewelgang manggagawa at nagtayo ng kampo sa loob mismo ng *compound* ng pagawaan.

Walong sundalo naman ang nagtungo sa piketlayn

ng mga manggagawa noong Mayo 26 kabilang ang isang 1Lt. Serrano para sabihan ang unyon na itigil na ang kanilang welga. Nagbanta ang una na maaari nilang arestuhin ang mga manggagawa dahil nakapataw ang batas militar. Nagtayo naman ng tsekpoynt ang mga sundalo ng 66th IB sa malapit na barangay noong Mayo 30. Pinahihinto ng mga ito ang lahat ng dumaraan at humihingi ng identipikasyon.

Ipinutok ng mga manggagawa ang welga noong Abril 6 matapos illegal na tanggalin ang 81 manggagawa, kabilang ang 34 na kasapi ng unyon na mahigit pitong taon nang manggagawang kontraktwal sa planta. Bukod sa sigaw para sa regularisasyon, panawagan din ng mga manggagawa ang sapat at nakabubuhay na sahod at benepisyo. Sa ngayon, P135 lamang ang naiuwing sahod ng manggagawa sa Shin Sun, mababa pa sa kalahati ng takdang minimum sa rehiyon. Bago ang pagbuwag sa piketlayn, tinanggihan ng mga manggagawa ang alok ng dayuhang may-ari ng Shin Sun na magpabayad na lamang at iginiit na dapat silang ibalik sa trabaho. AB



Mga bungkalan, inilunsad sa ST

TATLONG BUNGKALAN o sama-sama pagsasaka ang inilunsad ng mga magsasaka sa Southern Tagalog nitong Mayo sa mga asyenda at lupang inagaw sa kanila ng malalaking panginoong maylupa. Binansagang "balik-saka," isinagawa ito sa Hacienda Gancayco sa Catanauan, Quezon simula Mayo 26, sa Lupang Almeda sa Mamburao, Occidental Mindoro noong Mayo 28 at Lupang Kapdula sa Dasmariñas City, Cavite noong Mayo 30.

Saklaw ng binubungkal ng mga magsasaka sa Hacienda Gancayco ang 32 ektarya sa Brgy. San Antonio Pala na bahagi ng 196 ektarya lupaing kinamkam ng panginoong maylupa na si Santiago Gancayco III. Hinarap ng mga magsasaka ang mga gwardyang pinagbabantay ni Gancayco sa lupa at nagtayo ng kumpuhan sa loob nito para bantayan at pigilan ang anumang pakana nito. Noong Hunyo 4, nagsagawa ng karaban ang mga magsasaka sa prubinsya, sa pangunguna ng PIGLAS-Quezon bilang suporta sa mga nagbubungkal at para ipabatid ang pagnanais nilang bawiin din ang mga lupang kinamkam sa kanila sa tinaguriang "asyenda belt." Liban sa Asyenda Gancayco, matatagpuan din dito ang mga asyenda ng mga pamilyang Puyat, Uy at Matias.

Samantala, dinahas ng mga pribadong gwardya ng kumpanyang JAKA ang mga nagbubungkalang magsasaka sa Lupang Kapdula noong Hunyo 4. Giniba ng mga goons ng kumpanya ang kubo-bantayan at daanan ng mga magsasaka at nagtayo ng sariling kubo at tent sa mga ito. Pinusisyonan ng mga magsasaka ang 155-ektaryang lupa sa Brgy. Sampaloc II na kinamkam ng JAKA na pag-aari ng pamilya ni Sen. Juan Ponce Enrile.


Ang maraming beses na nagbanta ng Batas Militar si Duterte

Kandidato pa lamang si Pres. Rodrigo Duterte ng GRP, idineklara na niya ang intensyong maging “diktador” laban sa tinawag niyang mga “pwera ng kadiliman” kapag nahalal. Mula Agosto 4, 2016 hanggang Marso ngayong taon, laman ng 25 talumpati at panayam ang kanyang intensyon o di-intensyong magdeklara ng batas militar, madalas kapag kaharap ang mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Sa ilang pagkakataong kaharap niya ang mga mamamahayag, tinawag niyang “estupido” at “walang silbi” ang pagdeklara nito. Pero sa mas maraming pagkakataon, ang pagtutol niya rito ay nakabatay sa lilikhain nitong mga krisis sa pulitika. Nang ideklara ni Duterte ang batas militar noong Mayo 23, inamin ni Justice Sec. Vitaliano Aguirre na hindi ito dulot sa “sobra” o “gulat” na reaksyon. Ilang buwan na diumano itong nilalaro at pinag-uusapan ni Duterte at ng matataas na upisyal militar. Kinumpirma ito ni Sec. Delfin Lorenzana ng Department of National Defense.

Hatinggabi na sa Pilipinas noong Mayo 23 nang inianunsyo ng mga upisyal ni Duterte ang pagpataw ng 60-araw na batas militar sa Mindanao. Kasama nito ang pagsuspende sa *writ of habeas corpus* sa Proklamasyon 216 na isinapubliko noong Mayo 25. Ibinigay niyang dahilan ang labanan sa Marawi City na sumiklab matapos salakayin ng mga tropa ng AFP ang pinagtataguanang bahay ni Isnilon Hapilon, lider ng bandidong grupong Abu Sayyaf, at ang pagsaklolo diumano ng grupong Maute para depensahan siya.

Katuwang ang kanyang mga propagandista sa *social media*, tagapagsalita ng AFP at mga alyado sa kongreso, binalot ni Duterte ng makapal na usok ng disimpormasyon at pekeng balita ang deklarasyon at panimulang implementasyon nito. Sa kanyang talumpati pagdating sa Pilipinas, binanggit niya bilang isa sa mga



dahilan ng deklarasyon ang pagpugot diumano ng grupong Maute sa ulo ng hepe ng pulis at panununog sa isang ospital. Kaagad itong napabulaanan sa sunod na araw nang nakapanayam ng mga mamamahayag ang naturang hepe. Itinanggi rin ng meyor ng Marawi na nagapi at sinunog ng mga Maute ang isang ospital, ang lokal na kulungan at iba pang imprastrukturang sibilyan, taliwas sa ibinalita ng AFP. Isinara ng AFP ang Marawi City at kalapit na syudad ng Iligan, kung saan walang impormasyon ang lumalabas o pumapasok nang hindi dumadaan sa kanila.

Simula pa lamang ng batas militar sa Mindanao, nagbanta na si Duterte na ipapataw niya ang batas militar hanggang Luzon.

Sadyang nilabag ng kongreso ang sarili nitong proseso nang tumanggi itong idaos ang magkasanib na pulong ng kongreso at Senado sa pagdadahilang wala silang balak na ipawalambisa ang deklarasyon.

Paghahanda sa batas militar

Nagsimula ang pagbabanta ni Duterte ng batas militar nang umalma ang Korte Suprema sa kanyang arbitraryong paglalabas ng listahan ng mga husgadong sangkot diumano sa iligal na droga. Noong Setyembre 2016, isinailalim niya ang buong bansa sa “state of

lawless violence” matapos sumabog ang isang bomba sa palengke sa Davao City. Iniutos niya ang pagsasara sa syudad at pagtatayo ng mga tsekyo sa buong bansa. Dito, sinimulan na niyang ibandera ang “terorismo” ng grupong Maute nang iugnay niya ito sa kanyang “gera kontra-droga” sa pamamagitan ng pagdedeclarang “binayaran” ang grupo ng malalaking *druglord* para guluhin ang Davao City. Nagbanta rin siyang isuspinde ang *writ of habeas corpus*.

Noong Nobyembre 18, nang ipalibing niya ang dating diktador na si Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani sa kabila ng malawakang pagtutol, bukambibig na niya ang papuri kay Marcos at sa mga patakaran ng dating diktador.

May ilang panahon (Disyembre-Pebrero) na nagbago ang kanyang tono at sinabi niyang “hinding-hindi” siya magdedeklara sa kabila ng panunulsol ng mga “taga-Maynila,” kabilang si Sen. Panfilo Lacson. Dahilan niya, gagamitin lamang ng mga nasa poder ang *martial law* para patagalin ang mga sarili sa pwesto at wala siyang intensyong magtagal pa sa kanyang takdang termino. Gayundin, lilikha lamang diumano ito ng “krisis sa konstitusyon” dahil batid niyang hindi basta-basta sasang-ayon ang Korte Suprema, hindi katulad ng kongreso.

Sa kabila ng kanyang mga pagtanggig, idineklara niyang “sinira” ng Konstitusyong 1987 ang konstitusyon ni Marcos dahil naglagay ito

ng maraming kontra-hakbang sa batas militar na naglilimita sa mga kapangyarihan ng presidente. Kabilang dito ang 60-araw na limitasyon at karapatan ng sinumang Pilipino na kwestyunin ito sa korte. Aniya, kung magkakaroon ng kontra-opinyon ang korte, hindi niya ito igagalang at siya na lamang ang magpapasya. Kung matutuloy aniya ang *charter change* (pagbabago sa konstitusyon), ipatatanggal niya ang mga probisyong ito.

Sa harap ng mga meyor at iba pang lokal na upisyal ng Mindanao noong Marso, muling tumindi ang kanyang pagbabanta na sa una'y kaugnay pa rin sa kanyang “gera kontra-droga.” Pero kasabay nito ang kanyang mga patutsadang kontra-terorismo, at ang pinsalang iduldulot nito sa mga sibilyan, mga istruktura ng gubyrno at mga eskwelahan.

Noon pa'y nagbabala na siyang magiging “malupit” ang kanyang *martial law*, tulad ng Arrest, Search and Seizure Order o ASSO ng dikta-durang Marcos. Sa mga panahong ito, naganap ang pambobomba sa dalawang eskwelahan sa mga lugar ng Moro. Dito unang binanggit ni Duterte na magdedeklara siya ng *martial law* sa Mindanao. Kasabay nito, muli niyang iniugnay ang grupong Maute sa Abu Sayyaf, mga *druglord* at ISIS. Inakusahan na rin niyang nagpapatakbo ang grupo ng mga laboratoryong pang-*shabu* sa Marawi City.

Todo-gera at batas militar

Bago pa ang deklarasyon ng batas militar, pinaghari na ni Duterte ang militar nang ideklara niya ang todo-gera laban sa rebolusyonaryong kilusan noong Pebrero. Isinangkalan niya ang terminasyon ng

Bagong Hukbong Bayan sa unilater- al nitong *ceasefire* para isuspinde ang usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front of the Philippines, gipitin at dakpin ang mga konsultant ng huli at magpakawala ng pinatinding atake sa mga sibilyang komunidad sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Noong Marso, naglabas siya ng utos na “flatten the hills” (patagin ang mga kabundukan) na nangahulugan ng pagbobomba at pangang-anyon sa mga sibilyang komunidad. Sa kasalukuyan, umaabot na sa 27 pambobomba ang isinagawa ng AFP, mayorya sa kalapit o sa loob ng mga komunidad kung saan may naganap na armadong sagupaan sa pagitan nito at ng mga yunit ng BHB. Nagresulta na ito sa pagkawasak ng kabuhayan at kapaligiran, at nagdulot ng matinding troma sa mga residente. AB

Suporta ng Russia sa batas militar, hiningi ni Duterte

NASA BANSANG Russia noong Mayo 23 si Presidente Duterte ng GRP nang ideklara niya ang pagpataw ng batas militar sa Mindanao. Sa pakikipagkita kay President Putin ng Russia sa sumunod na araw, nakiusap ito na pagbigyan itong mangutang para makabili ng mga armas sa Russia na pantulong sa inilunsad na gera laban sa grupong Maute sa Marawi.

Sa kanyang mga talumpati, makailang beses ng binabanggit ni Duterte ang intensyong pagbili ng mga armas sa Russia upang gamitin ng AFP sa pagsugpo sa mga terorista. Sa partikular, paulit-ulit niyang ipinahayag ang pagnanais na bumili ng “precision-guided” na mga bomba.

Kabilang sa mga pinirmahang kasunduan sa pagitan ng mga upisyal ng gubyrnong Duterte at ng Russia ay ang para sa “tulongan sa depensa.” Bagaman wala pa itong detalye, inaasahan na lalo nitong palalakasin ang loob ng gubyrnong Duterte sa pagpapatupad ng batas militar sa Mindanao.

Kung matutuloy ang suportang sandata ng Russia, lalo nitong palalalain ang pangwawasak na dulot ng mga operasyong militar sa kabuhayan ng masa, katulad ng ginawang pagwasak sa sentro ng Marawi City. Ang mga armas na magmumula sa Russia ay higit na magpapatindi ng mga atake at pang-aabusong militar sa mga komunidad ng masang Moro at di-Moro, laluna ang mga karaniwang magsasaka.

Kasama ni Duterte sa Russia ang 200 malalaking negosyante at mga myembro ng kanyang gabinete. Bukod sa kasunduan sa depensa, napirmahan rin ang siyam na

kasunduan sa pagbabahaginan ng datos-paniktik, tulongan sa larangan ng agrikultura, kalakalan, kultura, transportasyon at mapayapang paggamit ng enerhiyang nukleyar.

Habang hindi pa naaprubahan ang pangungutang ni Duterte para sa pagbili ng armas, inaasahang padadalasin ang mga pagsasanay militar at pagbisita ng mga barko-de-gera ng Russia sa Pilipinas. Ito ay sa balangkas ng hangarin ng Russia na palakasin ang presensyang militar nito sa Asia, partikular na sa South China Sea, sa ilalim ng patakarang “Turn to East.”

Dumarami ang bumabatikos sa sunud-sunod na byahe ni Duterte sa labas ng bansa. Maging ang dati nitong tagasuporta na si dating Pres. Fidel V. Ramos ay tinawag ang mga ito na ‘junket’ o walang saysay at magastos na byahe. Nakita ang mga larawan ng mga upisyal at kamag-anak ni Duterte na nagliliwaliw sa panahon ng upisyal na pagbisita sa Russia.

Ilang araw bago pumunta si Duterte sa Russia, (Mayo 18-22) dumating sa Clark Air Base ang bagong mga armas mula sa “ibinigay” ng US sa ilalim ng Counterterrorism Train and Equip Program nito. Kabilang dito ang 300 M4 karbin, 200 Glock 21 pistola, apat na M134D Gatling-style *machine gun*, at 100 M203 *grenade launcher*.

Pormal na ibinigay ang mga ito sa Pilipinas sa isang seremonya noong Hunyo 5. Agad na nagpahayag ang AFP na gagamitin nila ang naturang mga armas sa kanilang pananalakay sa Marawi. AB

Kontra-mamamayang reporma sa buwis

Habang nakatutok ang karamihan sa batas militar, niratsada noong Mayo 31 ng mga alyado ni Duterte sa mababang kapulungan ng kongreso ang pagpasa sa panukalang magpapataw ng dagdag na buwis sa mamamayang Pilipino.

Sa botong 246 na sang-ayon, siyam na pagtutol at isang hindi bu-moto, naipasa ang tinaguriang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN o House Bill 5636) na nagbabago sa istruktura ng pagbu-buwis sa kita at nagpapataw ng ba-gong mga buwis. Ginamit ng mga teknokrata ni Duterte na pampa-lubag-loob ang paglilibre sa buwis sa isang bahagi ng uring mang-gagawa para pabanguhin ang panu-kala at ilusot ang pagpapataw ng mabibigat na bagong buwis.

Pangunahing layunin ng TRAIN ang maglikom ng pondo para sa pro-gramang pang-imprastruktura ng rehimeng Duterte. Gagawin ito sa pamamagitan ng mabilis at masak-law na pagpataw ng buwis sa mga produkto at serbisyong dating libre sa *value-added tax* (VAT) at pirming buwis sa mga produktong petrolyo. Pagmamalaki ng Department of Fi-nance (DoF), kikita ito ng hanggang P600 bilyong bagong pondo sa ta-ong 2019. Pinakamalaking bahagi nito (P200 bilyon) ay magmumula sa pangungulekta ng bagong buwis sa mga produktong petrolyo, kasu-nod ang pagpapasaklaw ng VAT (P164.4 bilyon).

Direktang kukunin sa balsa ng mamamayan ang kitang ito. Sa git-na ng kawalan ng trabaho, nakapa-kong sahod at kawalan ng lupa at kabuhayan, higit itong magpapahir-ap sa sambayanan. Katulad ng VAT na nagpalawak sa baseng maaaring buwisang estado, nakabatay ang “tagumpay” ng TRAIN sa lawak at bilis ng mapipigang kita mula sa pi-nakamalawak na bilang ng mama-mayan. Papasanin ito ng mga kumi-kita ng minimum at mas mababa pa, gayundin ng mga magsasaka, peti-burgesya at iba pang saray na hindi makikinabang sa paglilibre ng buwis.

Pati ang pakinabang ng mga ordi-naryong manggagawa na malilibre sa buwis ay mababawi rin sa laki ng ipapataw ng mga bagong buwis.

Dagdag-buwis, dagdag-presyo

Papatawan ng *excise tax* (pir-ming halagang buwis) ang mga pro-duktong petrolyo, partikular ang LPG at diesel, nang hanggang P6/litro sa loob ng tatlong taon si-mula ng Enero 2018. Sa nagdaang mga taon, ang dalawang ito ang pi-nakamadulas tumaas ang presyo. Dati nang may *excise tax* ang mga produktong ito pero tinanggal noong 2006 kapalit ng pagpapataw ng *expanded-VAT*. Ibig sabihin, ang bagong buwis ay ipapatong sa dati nang 12% na buwis kada litro. Kasabay nito, magpapa-taw rin ng pirming buwis sa mga inuming may lahod na asukal (*sugar-sweetened be-verage* o SSB) nang P10/kilo.

Malaki ang epekto ng mga dagdag na buwis na ito sa pang-araw-araw na gastusin ng mamamayan. Ayon sa ilang pag-aaral, itutulak ng buwis sa petrolyo ang presyo ng pagkain at inumin nang hanggang 6%. Batay sa karaniwang presyo sa simula ng taon, tataas sa mi-nimum na P10/kilo ang presyo ng karneng baboy, P2/kilo ng bigas at asukal, P7/kilo ng isda at P2 kada supot ng tinapay. Ang mga inuming tulad ng *softdrink* ay tataas nang P6-P10/bote.

Direktang tatama sa mga konsyumer ang pirming buwis sa LPG (P33/tangke sa unang taon, dagdag na P22 sa pang-alawa at P11 sa pangatlong taon). Maaari namang tumaas ng hanggang P0.70 ang pama-

sahe sa dyip at P1-1.25 sa bus. Ga-yundin, maaaring tumaas nang hanggang P300/buwan ang singil sa kuryente. Samantala, papatawan na ng 12% VAT ang singil sa mga bahay na pinauupahan nang P10,000/buwan o dagdag na P14,400/taon. Sa pag-aaral ng Anakpawis Partylist, maaaring umabot sa P30,000/taon ang pi-nagsama-samang dagdag sa presyo ng mga bilihan at serbisyo dulot ng mga bagong buwis sa produktong petrolyo, SSB at VAT sa pabahay.

Ang mga produkto at serbisyong ito ang kumakain ng pinakamalaking bahagi (84%) sa kita ng ordinaryong manggagawa at empleyado. Para sa nakabababang 30% ng mga pamilya sa bansa (batay sa kita o *bottom 30% per capita income group*, 2015), binubuo ng pagkain at inumin ang

DAGDAG NA GASTOS			
kada taon dahil sa		29,828.80	
TAX REFORM BILL			
Ilang halimbawa	Dagdag sa presyo	sa isang linggo	sa isang taon
LPG	33		396
BIGAS	2/kl	x 6 kl =12	612
SUGAR	2/kl	x 1 kl =2	102
BABOY	10/kl	x 2 kl =20	1,050
ISDA	7/kl	x 2 kl =14	714
UPA	1,200		14,400
KURYENTE	1.5/kwh	300	3,600
PAMASAHE	0.7		1,500
Malilibreng buwis dulot ng restructuring			20,000
Dagdag gastos ng malilibre sa buwis			9,828.80
Mula sa pag-aaral ng upisina nila Rep. Zarate ng Bayan Muna at Sen. Angara			

60% ng kanilang kabuuang gastos buwan-buwan, kasunod ng upa sa bahay (7.7%) at pinag-isang gastos sa kuryente, tubig, gas at iba pang panggatong (7.2%), samutsaring kalakal at serbisyo (4.9%) at transportasyon (4.5%).

Hindi maitanggi kahit ng DoF na tataas ang mga presyo ng mga bilingin at serbisyo dulot ng TRAIN bagamat minamaliit nila ito. Para salagin ang masasamang epekto nito, nagpanukala ang ahensya ng P48-bilyong pondo para sa pinaka-apektado na tinawag nitong Social Benefit Fund. Para sa mga mga drayber ng dyip at bus na tatamaan ng pagtaas ng presyo ng *diesel*, ipinanukala nito ang Pantawid Pasada Program kung saan bibigyan ng “cash card” ang mga tsuper para ilibre sila sa bagong buwis. Pero kasabay nito, ipatatanggap sa kanila ang Jeepney Modernization Program para palitan nila ang kasalukuyang mga makina ng mga makinang pasado sa pamantayang Euro 4 na mas matipid diumano sa panggatong. Mamamahagi rin ang estado ng Social Benefits Card na maglalaman ng hanggang P300 bawat buwan bilang proteksyon diumano ng pinakamahihirap na pamilya.

Mapanlinlang na paglilibre sa buwis

Tama lamang na ilibre sa buwis ang kita ng mga manggagawang sumasahod na bahagyang mas malaki sa minimum. Gayunpaman, mayorya sa mga manggagawa ang hindii makikinabang dito sa simpleng dahilan na matagal nang walang binabayaranang buwis sa kita ang 16.3 milyong manggagawang sumasahod ng minimum o mas mababa pa. Ang makikinabang lamang sa panukala ay ang 6.7 milyong manggagawa na kumikita ng P19,000/buwan. Ayon pa sa Anakpawis Partylist, dapat pa ngang saklawin ng paglilibre sa buwis ang kumikita nang P400,000. Kung ibabata sa nakabubuhay na sahod,

ang isang 6-kataong pamilya ay nangangailangan ng P30,500 bawat buwan o P400,000 kada taon para mabuhay nang disente. Sa panukala, magbabayad pa rin ng 20% o hanggang P30,000/taon ang kumikita ng mahigit P250,000 hanggang P400,000.

Dagdag pa, hindi lamang baba-wiin ng nagtataasang presyo ang kanilang matitipid, mababawasan pa rin ang kanilang kita. Gagastos pa rin ng dagdag na P10,000/taon ang pamilyang malilibre sa buwis nang P20,000. Wala pa rito ang iba pang sasaklawin ng VAT tulad ng seguro sa kalusugan at iba pang benepisyong pangmanggagawa.

Samantala, tataas ang babayaranang buwis ng mga kumikita ng mahigit isang milyon pero para lamang sa unang taon. Bababa rin ng P92,700 hanggang P260,000 ang babayaranang buwis ng mga kumikita ng isang milyon hanggang limang milyon sa pangalawang taon ng panukala. Tinatayang bababa pa ito sa susunod na mga taon dahil muling babaguhin ng DoF ang mga kategorya sa kitang personal at pang-negosyo sa ngalan ng “pagpapasimple” rito.

Kabilang sa “pasisimplehin” ang istruktura sa buwis ng mga

korporasyon na ibababa rin mula 32% tungong 20%. Bababa nang P34.8 bilyon ang babayaranang buwis ng malalaking korporasyon sa bansa. Ibababa rin ang iba pang buwis sa mga ari-arian mula 20% tungong 6% at buwis sa mga impok na dolyar at piso mula 20% tungong 10%. “Makatitipid” ang sinumang mayhawak ng mga ito nang hanggang P3.5 bilyon at P1 bilyon.

Sa gitna nito, tuluy-tuloy ang pagtamasa ng malalaking dayuhan at lokal na kumpanya ng paglilibre sa buwis at iba pang insentibo. Ayon mismo sa DoF, umaabot sa P50 bilyon ang hindi nakukulektang buwis mula sa mga personal na kita ng pinakamayayamang indibidwal at dagdag na P50 bilyon dulot ng mga “espesyal na kaltas sa buwis” ng malalaking korporasyon. Kabilang dito ang mga dayuhang kumpanya sa loob ng mga *export-processing zone* na sangkatlo lamang ang ibinabayad na buwis kumpara sa mga kumpanyang nasa labas nito. Wala pa sa mga kalkulasyong ito ang sadyang di pagbabayad ng mga korporasyon at mayayamang indibidwal at hindi pagpapasa ng mga korporasyon ng nakukulektang VAT mula sa mga konsyumer. AB

Magkasunod na taktikal na opensiba, inilunsad ng BHB-NCMR

LIMANG MATATAAS na kalibreng armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao Region (BHB-NCMR) mula sa dalawang taktikal na opensibang inilunsad sa loob ng isang linggo.

Noong Mayo 20, matagumpay na nireyd ng isang yunit ng BHB ang kampo ng 26th IB at CAFGU sa Brgy. Binicalan, San Luis, Agusan del Sur. Isinagawa ang opensiba bandang alas-3:40 ng madaling araw. Isang M14 at isang Garand ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma. Matapos nitoy tinupok ng BHB ang kampo ng kaaway,

Noong Mayo 27, alas-7:25 ng umaga, tinambangan naman ng BHB-Mt. Kitanglad Subregional Command ang isang yunit ng 1st Special Forces Battalion at mga Civilian Active Auxiliary sa Sityo Intabas, Brgy. La Fortuna, Impasug-ong, Bukidnon. Nasamsam mula sa ambus ang isang rip-leng M16 at dalawang ripleng Garand, gayundin ang anim na *military pack*. Nagtamo ang kaaway ng dalawang kaswalti.

Lumalalang komersyalisasyon ng edukasyon

Lalupang bumigat ang gastos sa edukasyon matapos pahintulutan ng Commission on Higher Education (CHED) na magtaas ng matrikula at iba pang bayarin ang 268 na pribadong pamantasan ngayong pasukan. Dumoble ngayong taon ang itinaas ng matrikula, mula P43.39 karaniwang dagdag kada yunit noong 2016 tungong P86.68 ngayong taon. Dumoble rin ang pagtaas sa iba pang bayarin (OSF o Other School Fees) mula dagdag na P115.58 tungong P243.00.

Pinakamalaki ang pagtaas ng matrikula sa Metro Manila na nadagdagan ng P2,100 kada semestre sa karaniwang estudyante. Sa OSF naman, pinakamalaki ang pagtaas sa Region 3 na nadagdagan ng abereyds na P974.26. Sa mga nagdaang taon, sumisirit ang pagtaas ng matrikula at ibang mga bayarin sa mga pamantasan. Sa loob ng limang taon (2010-2015), dumoble na ang karaniwang bayarin sa mga pamantasan mula P30,000-50,000 tungong P60,000-100,000.

Palala nang palala ang komersyalisasyon ng edukasyon sa Pilipinas. Nagsisilbi rito ang iba't ibang mga batas at patakarang ipinatupad ng reaksyunaryong estado sa nagdaang ilang dekada. Mula sa Education Act of 1982 hanggang sa programang K-12 na sinimulan noong 2011, lahat ng patakarang ito'y nagsilbi sa pagkakalagalang ng edukasyon, pagpapahigpit ng kontrol dito ng mga pribadong kapitalista at pagpapaliit ng pampublikong edukasyon.

Kabilang rito ang programang Government Assistance to Students and Teachers in Private Education (GASTPE) na sinimulan noong 1989. Naglaan ng pondo para tustusan ang matrikula ng mga estudyante sa mga pribadong paaralan, na sa esensya ay pagsuporta sa tubo ng mga pribadong eskwelahan. Sa parehong taon, ipinatupad ang STFAP (Socialized Tuition and Financial Assistance Program) sa UP na ginamit para bigyang-matwid ang pagtaas ng matrikula mula P90/yunit tungong P300/yunit para palakihin ang kita ng pamantasan. Sa ilalim nito, umabot sa P1,500/yunit ang matrikula noong

2014. Isinabatas naman noong 1997 ang Higher Education Modernization Act of 1997 na nagbukas sa pribatisasyon ng mga State Universities and Colleges (SUC).


Sa ilalim ng badyet ng gubernong Duterte ngayong 2017, naglaan ng P8.3 bilyon para diumano sa pagbibigay ng "libreng matrikula" sa 1.4 milyong estudyante sa 114 SUC. Gayunman, hindi inalis ang paniningil ng matrikula sa mga pamantasan at nananatiling walang regulasyon sa paniningil ng OSF. Lumalabas na layon lamang nitong ipatupad sa lahat ng SUC ang sistema ng "socialized tuition" tulad sa UP para itaas ang matrikula sa mga estudyanteng "may kakayanang magbayad" samantalang ang mga nangailangan ng subsidyo ay pinadaan sa napakahirap na proseso para patunayang karapat-dapat silang tumanggap ng ayuda. Sa harap ng mga patakarang ito, nawawalan ng sagsay ang Universal Access to Quality Tertiary Education Act na hindi pa pinipirmahan ni Duterte.

Wala ring pinagkaiba ang kagalayan ng mga nasa primarya at sekundaryong antas. Kahit pa isinabatas noong

1988 ang libreng sekundaryong edukasyon, hindi nito nalutas ang papalaking bilang ng mga kabataang edad 7-24 na hindi nakapag-aaral. Mula tatlong milyon noong 1989, tumaas ito tungong 3.8 milyon noong 1994, at 12.3 milyon pagsapit ng 2008. Mismong sa datos ng DepEd noong 2012, sa 100 estudyante ng Grade 1, 66 lamang ang nakatatapos ng Grade 6, 58 ang makapapapasok sa hayskul, at 43 lamang ang makatatapos. Sa mga nakatapos ng hayskul, 23 lamang ang makatutuloy sa kolehiyo at 14 ang makapagtatapos.

Sa ilalim ng K-12, sa kabuuang 3.9 milyon nakapagtapos ng Grade 10, 2.49 milyon ang hindi na tumuloy sa Senior High School (SHS) dahil sa malaking gastusin na di bababa sa P100,000. Bukod rito, 48% lamang ng mga pampublikong eskwelahan ang may SHS. Dadami pa ang mga di makatutuntong sa SHS sa muling pagtataas ng matrikula ngayong taon ng 1,013 na pribadong eskwelahan. Dinoble pa ng DepEd ang badyet para sa SHS "voucher system" (subsidyo sa pag-enrol sa pribadong eskwelahan) mula P12 bilyon tungong P24 bilyon.

Malalaking kapitalista ang nakikinabang dito tulad ng Ayala and Pearson Affordable Education



Center o APEC na nakatanggap ng P500 milyon mula sa guberno bilang subsidyo sa mga estudyanteng pumasok na SHS kahit hindi ito pasado sa mga pamantayan ng DepEd (wala itong sariling lupa para pagtayaran ng mga eskwelahan).

Ang malalaking pribadong eskwelahan ay laging nasa 'Top 1000 corporations' tulad ng Far Eastern University, Centro Escolar University, Mapua Institute of Technology, University of the East, at Manila Central University na pag-aari ng kabilang sa pinakamalalaking kapitalista sa bansa. Tumaas nang 38% (P941 milyon-P1.3 bilyon) ang netong tubo ng University of Sto. Tomas at nang 92% (P381.9 milyon-P734 milyon) sa De La Salle University, kapwa mga pamantasang "non-profit", sa loob lamang ng limang taon (2010-2015).

Ang lumalalang komersyalisasyon ay nagpapatuloy sa ilalim ng rehimeng Duterte. Napako na ang pangako nitong libreng edukasyon at pagbabasura ng K-12. Tulad ng nagdaang mga rehimen, nakatuon ito sa higit pang pagpapalakas ng neoliberal na mga patakaran sa edukasyon para tugunan ang pangangailangan ng dayuhang kapital sa murang lakas paggawa.

Ang mga problema sa sistema ng edukasyon ay lumalala kaakibat ng paglala ng krisis ng naghaharing sistemang panlipunan. Habang papalaki ang bilang ng di nakapag-aaral, ang kakulangan ng pasilidad, kagamitan, guro, at ang walang patid na pagtataas ng mga bayarin, lalong tumitingkad ang kolonyal, komersyalisado at mapanupil na katangian ng edukasyon sa Pilipinas. Kaya naman nagpapatuloy ang pananawagan ng mga kabataan para sa makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon kaakibat ng pananawagan para sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong mithiin ng buong bayan. AB

Ika-8 Kongreso sa ika-45 taon ng CNL

Matagumpay na idinaos ng Christians for National Liberation (CNL) ang kanilang ikawalong pambansang kongreso noong Abril 24 - 26 sa isang sonang gerilya. Ang naging tema ng kongreso ay "Magpunyagi at kamtin ang mas mataas na yugto ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Pasiglahin ang pakikilahok ng sektor sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng sambayanan!"

Dumalo sa kongreso ang mga kinatawan mula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nasa 26% ang mula sa pambansang tsapter, 19% mula sa Luzon, 16% mula sa Visayas at 39% naman ang mula sa Mindanao.

Huling nakapaglunsad ang CNL ng kongreso noong 2003. "Nag-uunang mapaw sa tuwa at sigla ang lahat," ang sabi ni Ka Dion, bagong halal na tagapangulo ng CNL, dahil matapos ang 14 na taon ay nailunsad din ang kongreso.

Malaki ang naging tagumpay ng CNL sa nakaraang 14 na taon. Nakapagpalawak ito at nakapaglunsad ng mga lokal, pamprubinsya at mga panrehiyong kongreso sa 11 rehiyon. Bilang isang rebolusyonaryo at patriyotikong organisasyon ng mga Kristiyano mula sa simbahang Katoliko, Protestante at mga sekta nito, napakilos nito ang mga taong simbahan upang labanan ang karanasan at panggigipit ng estado. Nakibahagi sila sa pakikibaka ng uring magsasaka at manggagawa. Nakapag-ambag din ito ng dagdag na lakas sa pagsulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Sa pagpupursige ng mga kasama ay naidaos din ang kongreso. Punong-puno ng mga aral at hamon ang tatlong araw ng kongreso. Naging matingkad na bahagi nito ang pagbabahagi ng kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan at ang programa ng Partido. Naging masigla rin ang pagbabahagi ng mga rehiyon ng kanilang mga karanasan sa mga nagdaang taon. Mula dito, unti-unting naging malinaw ang lara-

wan ng tinatahak na daan ng CNL.

Naibuod nila sa 10 tunguhin ang mga karanasang ito ng CNL sa buong bansa. Ang kalagayang ito ay kanilang pinag-aralan at sinuri at mula rito ay hinalaw ang mga aral na papatnubay sa mga susunod na hakbangin ng organisasyon. Napagkaisahan din ng kongreso ang ilang mga pagbabago sa konstitusyon at iba pang mga dokumento. Matapos nito, nagkaisa ang lahat at inihapag ang magiging plano nito para sa pagsulong ng gawain. Sumunod na rito ang halalan ng bagong pamunuan.

Matapos maihalal ang pamunuan, muling nanariwa ang maalab na hangarin ng bawat isa na magpanibagong-hubog at panghawakan ang mga prinsipyo sa pagsusulong ng rebolusyon at paghigit pa sa mga nakamit na tagumpay nito sa kanilang muling panunumpa sa CNL.

Sa pagtatapos ng kongreso, kanilang sama-samang ipinagdiwang ang ika-45 taon ng CNL. Sa gitna ng mga bandila ng PKP, CNL at mga alyadong organisasyon ng NDF, binigyang parangal nila ang mga bayaning martir na walang imbot na nag-alay ng buhay para sa hinahangad na buhay na kasiya-siya. Buo ang diwa na labanan ang konserbatismo, pangigingibabaw sa mga kahinaan ng bawat isa, pagbabalik tanaw sa mga batayang prinsipyo ng pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon, at pag-aalay ng sarili para sa kapwa at bayan. AB